Tas,

Sa meeting ang mga taong nakaharap namin ay sina director Relacion, mr junaid ali, maria paz, at isa pang staff sa dfa.
Una ay binasa ni relacion ang report nung nangyaring hearing noong sabado. ang advise nga ng judge ay hingin ang affidavit, demands ng pamilya sa blood money at nag-issue na nga sila ng spa. Tinanong nila si maria paz kung magkano ang amount na hinihingi ng pamilya cruz. Sabi ni paz kung sa case daw sa Saudi at Pilipino sa Pilipino ang biktima 90,000 riyals ang hinihinging kabayaran. Ito daw ay base sa nalaman niya sa Saudi.

Tinanong ni relacion na kung ilan bang magkakapatid ang pamilya cruz at kung buhay pa ang mga magulang nito. Sagot ni paz ay patay na both parents at pito na lang silang magkakapatid. Ang dalawang kapatid nila ay pawang patay na rin kasama si Benjamin cruz. Pinaliwanag ni director relacion na ang patakaran nga sa Saudi na kung nakapatay ka ay kamatayan din ang hatol sayo once na hindi magbigay ng kapatawaran. Nagtanong si relacion kung ano ang trabaho ni jameel, sabi ko ay ref technician. Nagtanong din siya kung magkano ang sweldo ni jameel dati. Sabi ko na pag nagpapadala ng remittance noon si jameel ay umaabot sa 10 thousand to 11 thousand pesos. Tinanong din nila si paz kung ano ang trabaho ni Benjamin, sabi ni paz ay technician din at kung magkano ang sweldo nito, sagot ni paz ay 10 thousand pesos (1,000 riyals)

Tinanong nila ako kung me trabaho ako, sabi ko naman ay wala akong trabaho. Minsan ay nagtitinda para kumita. Tinanong ni relacion kung ilan ang anak namin ni jameel at kung ilan taon na si jameel.

Tinanong ako ni director relacion kung ano ang gusto kong sabihin kay paz. Sinabi ko nga na humihingi ako ng willingness to forgive. Sabi ni paz ay wiling naman silang magpatawad at konsensiya din naman daw nila yon na kung pati rin ang asawa ko ay mabibitay. Blood money na lang din ang gusto nilang pag-usapan sa dfa.
Pagtapos naming mag-usap ni paz, nasabi na rin ni director relacion kay mr junaid ali na ayusin ang affidavit of forgiveness na ipapadala sa embassy pero kailangan pa ng pirma nung dalawang kapatid ni paz na nasa uae.

Pagkatapos kausapin ng dfa si paz ay umalis na ito at naiwan ako para kausapin ni director relacion tungkol sa amount na binigay ni paz. Tinanong niya ako kung ilang magkakapatid sina jameel. Sinabi ko na siyam at bunso si jameel. Sinabi ni relacion na kausapin ko daw muna ang mga kapatid ni jameel kung papaano namin ma-raise yung amount. Dagdag ni relacion na kahit daw yung kalahati lang ng amount ay mai-raise namin at yung kalahati daw ay baka matulungan kami ng dfa. Nagtanong ako na kung pwede ay babaan ang amount na hinihingi ni paz, sabi ni relacion ay resonable na daw ang ganong amount kumpara sa ibang pamilya na nanghingi ng blood money.

Doon na natapos ang aming pag-uusap at sinabi niya na tawag-tawagan ko na lang daw si junaid ali para mag follow-up.

Jasmin